ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 8 Hulyo 2-8, 2018 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

Tagumapy ang 1st Bacoor International Music Championships…..

## MAYOR LANI, SALUDO AT NAGPASALAMAT SA LAHAT NG NAKIISA

pahina 2



p.8

VALEEN MONTENEGRO, SADYANG PALAKAIBIGAN

## CARNAPPER, TODAS SA CAVITE POLICE

p.5

## Payo ni Cebuano IM Rico Yap Mascarinas

pahina 6

## ISLAND COVE TO SHUT DOWN OPERATIONS BY JULY

pahina 7

## SAP BONG GO, MALUGOD NA TINANGGAP SA DASMARIÑAS

pahina 9

## KATOL AT IBA PANG DI-REHISTRADONG MOSQUITO REPELLENT KINUMPISKA NG FDA

pahina 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

Tagumapy ang 1st Bacoor International Music Championships…..

# MAYOR LANI, SALUDO AT NAGPASALAMAT SA LAHAT NG NAKIISA




**NAGING matagumpay ang pagtatapos ng kauna-unahang International Music Championships 2018 na nagbigay kulay at karangalan sa Bacoor City, Cavite bilang host nito.**

Sa closing at awarding ceremonies, na ginanap sa Arena Mall of Asia sa Pasay City nitong Hunyo 24, ay taus-pusong ipinaabot ni Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla ang pasasalamat kasabay ng pagsaludo sa lahat ng nakiisa at lumahok sa naturang kompetisyon.

Napahanga at labis na kinilala ni Mayor Lani ang ipinamalas na talento at kakayahan ng 11 international at 23 local groups na nagpartisipa.

Dumalo sa pagtatapos ng kompetisyon si Presidential Spokesperson Secretary Harry Roque bilang panauhing pandangal.

Malugod na binati ng kalihim ang pamahalaang lungsod ng Bacoor sa tinamong tagumpay ng nasabing 3-day international event na ginanap sa ating bansa.

Ang naturang 3-day international musical band competition ay nagsimula nitong Hunyo 22 at nagtapos ng Hunyo 24 na ginanap sa tatlong venue kabilang ang mga lungsod ng Pasay, Maynila at Bacoor.

Umani ng tagumpay ang mga lokal na marching bands sa Winter Guard International (WGI) at Asian Marching Band Confederation (AMBC) Divisions.

Nasungkit ng 4th Raiders Color Guard mula sa Paranaque National High School ang unang puwesto para sa WGI Divisions Color Guard (Scholastic Open) category.

Sa international groups ay 2nd place ang St John's Institutional Naval Cadets at 3rd naman ang Cinderella Corps.

Ang mga local bands na nakopo ang 2nd at 3rd sa WGI Divisions ay kinabibilangan ng Sandugo Guardline at Sinag Color Guard-SICOGU Independent Open; Dragons of the Cabiao Youth Concert Band 88, 2nd sa Winds independent Open; Paraùaque Elementary School Central at Gonzales Ascutia National High School ay 3rd at 2nd sa Percussion Scholastic Open; Baclaran Elementary School Unit 1 (3rd) at Lahing Kayumanggi Perscussion Ensemble (by mDLC) (2nd) sa Percussion Independent Open.

Samantala, ang mga international bands na nakasungkit ng mga unang puwesto ay kinabibilangan ng Taipei Yuehfu Drum and Bugle Corps; Color Guard (Independent Open) category; Marching Band Listya Dwijaswara; Winds (Independent Open) at Percussion (Scholastic Open); at Jember Marching Band; Percussion (Independent Open).

Pumalo naman sa ikatlong puwesto ang Marching Band Projo Taman Sari para sa Winds (independent open) category.

Tumanggap naman ng mga special awards para sa street parade (open class) mula sa AMBC Divisions ang ilang lokal na banda.

Ipinagkaloob sa Dragons of the Cabiao Youth Concert Band 88 ang best majorette; San Lorenzo Ruiz Band 2003 Inc., best color guard; at Citizens Brigade Band of Dasmariñas, best uniform.

Sa hanay naman ng international groups, ang St. John's Institution Naval Cadet Band (SJINCB) ay iginawad ang best band major habang ang Sarabun Brass Theater by Sarawittaya ay best music.

Ibinigay din ang mga special awards para sa marching show band, open class category, sa mga lokal na banda kabilang ang Dragons of the Cabiao Youth Concert Band , 'Best Majorette' award; at ang Banda San Jose, "Best Visual" award.

Naiuwi naman ng Bacoor Youth Composite Band ang best color guard, best winds, best percussion and best music special awards.


Para sa brassline (open class) battle, ang Band '96 Cabiao ang 2nd runner-up; Citizen's Brigade Band of Dasmariñas ;1st runner-up; at tianghal na kampeon ang international group na Sarabun Brass Theater by Sarawittaya.


Kampeon naman ang International group na Big Shell Drumline sa drumline battle (open class); at sa local drumline groups ang FEU ang 1st ; Sandugo, 2nd ; at KERDLC, ang ikatlong puwesto.

Sa street parade (open class), Band 96 Cabiao, 3rd, Citizens Brigade Band of Dasmariùas ,2nd at Banda San Jose landed ang 1st runner up, habang ang Sarabun Brass Theater by Sarawittaya ang champion.

Kampeon naman sa marching show band (open class) ang Citizens Brigade Band of Dasmariñas; City of Bacoor Youth Composite Band, 1st runner up; Band 96 Cabiao, 2nd runner up at ang Banda San Jose ang 3rd runner up.




















Ang Mayor Joseph Estrada Trophy (over-all high score para sa WGI Local ) ay napunta sa Sinag Color Guards – SICOGU; ang Congressman Strike Revilla Trophy (over-all high score para sa WGI International) ay nakuha ng Taipei Yuehfu Drum and Bugle Corps at ng Jember Marching Band; habang ang Mayor Lani Mercado-Revilla Trophy (overall high score marching show band and street parade) ay naibigay sa Citizen's Brigade Band of Dasmariùas.

Ang WGI na isang non-profit organization ay ikinokonsiderang premyadong organisasyon sa mundo na lumilikha ng indoor color guard, percussion, at winds competition.

Ang AMBC naman na isa ring non-profit organization ay naglalayon na mas paangatin pa at paunlarin ang Music and Marching Band Arts sa rehiyon.

Kabilang din sa pinasalamatan ni Mayor Lani ang pamahalaang lungsod ng Maynila partikular kay Mayor Joseph Ejercito Estrada.

Ganoon din kina Ilocos Norte Vice Governor Imee Marcos, Davao City First District Rep. Karlo Alexie Nograles, at Manila Congressman Manny Lopez.

Pinasalamatan din ni Mayor Lani ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite sa pangunguna nina Governor Boying Remulla at Vice Governor Jolo Revilla.

Ipinaabot din nito ang pasasalamat kay Philippine Sports Commission Chairman Butch Ramirez.

Tinukoy din ni Mayor Lani ang pasasalamat kay Cavite 2nd District Congressman Strike Revilla dahil sa pagsulong nito upang maideklara ang Bacoor City bilang Marching Band Capital of the Philippines.

Hindi rin ito nakalimot na magpasalamat sa lahat ng mga tumayong sponsors at sa mga bumubuo ng city government kabilang ang Sangguniang Panglunsod sa pamamagitan ni Vice Mayor Karen Evaristo. **RS**



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Nadinig niyo na ba kung ano ang tunay na sinabi ni Duterte?

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "… Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya Siya mismo ang bumaba mula sa langit tumungo sa lupa, sa anyo ng tao may laman at dugo, at tinanggap ang parusang nakalaan sa kasalanan ng tao sa Kanyang banal na laman, dugo, at Espiritu, upang sinumang tumanggap at sumampalataya sa Kaniya ay di mapapahamak, magkakaroon ng buhay na walang hanggan, at mabibigyan pa ng karapatang maging anak ng Diyos kadugo ni Kristo…" (Juan 3:16, Bibliya, salin ng Ang Tanging Daan).

-ooo-

**NADINIG NIYO NA BA KUNG ANO ANG TUNAY NA SINABI NI DUTERTE?** Sa tingin ko, mabuting itanong sa mga taong bumabanat kay Pangulong Duterte dahil sa talumpati nito na may kinalaman sa Diyos kung napakinggan ba talaga nila ang mga sinabi ng Pangulo. Lumilitaw kasi na halos lahat sa mga bumabatikos sa Pangulo ay nanghuhula lamang o di kaya dumedepende lamang sa diyaryo kung ano ang talagang namutawi sa kanyang mga labi.

Pinakinggan ko ang ipinadalang video clip sa akin ni Pastor Juanito Datu Gragasin ng Paniqui, Tarlac, isang ka-klase ko sa High School Department ng Dr Nicanor Reyes Memorial Colleges sa Paniqui, Tarlac noong dekada, ng pagsasalita ni Duterte. Napagtanto ko na hindi naman pala ang Diyos mismo ang inupakan niya.

Ang inupakan ni Duterte ay ang kuwento ng pagkakaroon ng unang kasalanan ng tao. Ang kanyang maliwanag na binanatan sa kuwentong iyon ay simple lang: kung ang Diyos na binabanggit sa kuwento ng Bibliya ukol sa paglalang ng daigdig, kasama na ang tao, ay mapagmahal na Diyos, bakit kaya Niya pinahintulutan pa na magkaroon ng ahas sa Paraiso na tutukso at sisira kina Adan at Eba at sa lahi ng tao?

-ooo-

**KAY DUTERTE, MAY DIYOS, AT ITO AY LUBOS NA MAPAGMAHAL AT MABUTI:** Sa madaling salita, ang tinutumbok dito ng Pangulo ay matindi: naniniwala siya na may Diyos, na may lalang ng langit at lupa, at Ito ay mapagmahal na Diyos, o isang Diyos na ang nais ay pawang kabutihan lamang ng lahat ng Kanyang nilalang, partikular na ang tao.

Ngayon nga naman, sa kaniyang isip, kung ang Diyos na ikinukuwento ng Bibliya sa kuwento ng paglalang ng daigdig ay naglagay ng ikasisira ng Kanyang mga nilalang---ang ahas na tutukso (at tumukso na nga) kina Eba at Adan at siyang naging dahilan kaya pinalayas silang dalawa sa Paraiso---di kaya magiging taliwas ito sa konsepto ng Diyos na mapagmahal?

Ganun ang tingin kong nais ipakahulugan ng Pangulo sa kanyang talumpati. Naniniwala siyang may Diyos, pero ayaw niyang maniwala na ang isang tunay na mapagmahal na Diyos ay gagawa ng ikakasama ng Kanyang mga nilikha. Sa tingin ko, ang tunay na tanong ng Pangulo: bakit nga naman nilikha pa ng Diyos ang tao kung pahihirapan din lamang ang mga ito?

-ooo-

**ANG DIYOS MISMO ANG BUMABA SA LUPA UPANG ILIGTAS ANG TAO SA IMPIYERNO:** Sa totoo lang, kung babasahing mabuti ang ibang bahagi ng Bibliya ukol sa pagmamahal ng Diyos sa sanlibutan, lalo na sa tao, makikita nating grabe ang pagibig ng Diyos sa kanyang mga nilikha, kaya nga Siya mismo ang bumaba mula sa langit, tumungo sa lupa sa anyo ng tao, may laman at dugo, at tinanggap ang parusang nakalaan para sa kasalanan ng tao. Ang pagibig na ito ay pinatotohanan ng Luma at Bagong Tipan ng Bibliya.

Pag ang mga bersikulong ito na tumutukoy sa labis na pag-ibig ng Diyos sa tao ang pagbabatayan, tunay na hindi makakagawa ng Diyos ng anumang ikapapahamak ng tao. Halimbawa, sa Isaias 53 at sa Gospels, ipinakikita doon na ang Diyos mismo ang pinagsusuntok, pinaglalatigo sa Kanyang laman, tinusok ng mga pako ang Kanyang paa at kamay, at pinagduduruan sa mukha, upang mapatawad lamang ang kasalanan ng mga tao.

Ganundin, sa Mateo 7:9-11, ipinakikita doon na ibibigay ng Diyos ang lahat ng mabuti sa mga taong nananampalataya sa Kanya. Dahil diyan, tunay na maitatanong ng ilang mga tao, kasama na ang Pangulo: kung ganito kabuti ang Diyos, Siya din ba yung tinutukoy na naglagay ng ahas sa Paraiso na siyang sumira sa tao? Di ba kailangang magkaroon ng tamang kaliwanagan ang tanong na ito sa ikadadakila ng Diyos?

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Kung hindi maghahari ang kasamaan

UMANI ng pagsuporta ang mungkahi ni Surigao del Norte Representative Robert Ace Barbers.

May kinalaman ito na dapat ang lahat ng elected officials ay kailangang sumailalim sa drug testing.

Tama naman talaga na dapat sumailalim sa mandatory drug testing ang mga halal na opisyal sa pamahalaan.

Ang sabi ni Senator Sherwin Gatchalian, ang mga government officials ay dapat magsilbing magandang halimbawa sa taumbayan.

Lalo pa sabi ng senador na mahigpit ang kampanya ng pamahalaan sa anti-drugs.

Ibig sabihin mula kay Pangulong Rodrigo Duterte hanggang sa mga halal na opisyal ng barangay ay dadaan sa drug testing.

Para naman kay Senator Joel Villanueva, "public office is a public trust."

Kabilang din sa nakasuporta sa naturang mungkahi si Senator Francis Escudero.

Balikan natin ang nilalaman ng isinusulong na ito o mungkahi ni Barbers.

Sa sandaling lalabas na ang resulta ng drug testing at napatunayang positibo ang isang elected official ay pagkakasibak sa puwesto ang kakaharapin.

Magandang mungkahi subalit mas magiging maayos at epektibo ito kung hindi maghahari ang kasamaan.

Ano ba ang kasamaan? Pera at impluwensiya ay katumbas ng kasamaan kung sa mali gagamitin.

Kung gagamitin ang pera at impluwensiya ay hindi malayong mangyari na ang positibo ay magiging negatibo.

Halimbawang nagpositibo sa drug test ang isang elected official, sapat na ba ang hatol ay sibakin lamang siya sa puwesto?

Positive siya, ibig sabihin ay drug user o gumagamit ng droga at ang isang karaniwang tao na nahuli na ganito ang kaso ay may kaampatang kaparusahan.

Kulong ang hatol o parusa kaya igawad din ito sa elected official na magpopositibo sa drugs at hindi lamang sibak sa puwesto.

Tama po ba?

# EDITORYAL

## Unti-unti ay naglalaho



**MAY kautusan si Pangulong Rodrigo Duterte sa kapulisan para sa pagpapadampot sa mga tinaguriang batang lansangan o palaboy lalo na sa gabi.**

**Ang mga menor-de-edad ay dadamputin ng mga pulis hindi dahil sa isang krimen.**

**Ito ay para sa kanilang proteksiyon at kapakanan lalo at nagkalat sa lansangan ang droga.**

**Dahil menor-de-edad ay ililipat o dadalhin sila ng mga pulis sa mga barangay o sa Department of Social Welfare and Development (DSWD).**

**Napakatagal ng usapin ito na ang katumbas ay ang ipinatutupad na curfew hour ng isang siyudad o bayan.**

**Nasaan na ang kautusan dati pa na ang magulang ng mahuhuling menor-de-edad ay may kakaharaping kaso hinggil dito?**

**Sa bawat pagbaba ng isang direktiba, sa mga unang bugso ay nakikitaan ng pagpupursigi subalit unti-unti ay naglalaho na patunay lamang na ugaling 'ningas-cugon.'**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
**ATTY. EUGENIO S. TUMULAK**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

## ERRATUM

This is to correct the entry made in the EXTRA-JUDICIAL SALE of **CELSO R. POLIDARIO JR. married to ROVIE LIZA C. POLIDARIO.** The second title read as **TRANSFER CERTIFICATE of TITLE No.077-2013000477** should be read as **TRANSFER CERTIFICATE of TITLE No.077-2013000478**. Also include Bounded on the SE., along line 1-2 by 109 of Blk.4 of the subd.plan; along line 2-3 by Lot 107; both of Blk.4 of the subd.plan; on the SW, along line 3-4 by Lot 113 of the subd.plan and on the NE., along line 4-1 by Lot 112 of Blk.4 of the subd.plan. But should be read as Bounded on the SE along line 1-2 by 109 of Blk.4 of the subd.plan; along line 3-4 by Lot 113 of the subd.plan; and on the NE; along line 4-1 by Lot 112 of Blk.4 of the subd.plan. Published last May 28, June 4 and 11, 2018.

**HANEP July 2, 2018**

## ERRATUM

This is to correct the entry made in the EXTRA-JUDICIAL SALE of **JULIETA A. OSORIO married to JOEL P. OSORIO** read as **ONE HUNDRED THIRTY FOUR THOUSAND SEVEN HUNDRED FIFTY NINE and 58/100**. But should be read as **ONE HUNDRED THIRTY FOUR THOUSAND SEVEN HUNDRED FIFTY NINE PESOS and 58/100**. Published last May 28, June 4 and 11, 2018

**HANEP July 2, 2018**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, (otherwise known as **PAG-IBIG Fund**)
Mortgagee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER CT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16289-18**

**LEONARDO D. GAMLANGA** married to
**JHOAN T. GAMLANGA,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against **LEONARDO D. GAMLANGA married to JHOAN T. GAMLANGA**, mortgagor with residence and postal address at Lot 25-A, Blk. 1, Meadowville Subd., Anabu, Imus, Cavite and/or 154 Laurel St., BP Subd. Woodside 1, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 30, 2018 amounts to **ONE HUNDRED TWELVE THOUSAND SEVEN HUNDRED SEVENTY SEVEN PESOS & 66/100 (Php 112,777.66)**, Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **July 24, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1152004**

"A parcel of land (Lot 25-A, Blk. 1, of the subd. plan, Psd-04-177459, being a portion of Lot 25, Blk.1, Psd-042109-064625, L.R.C. Rec. No. 8843), situated in Brgy. of Anabu, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Rd. Lot 1 (6.50 m wide); on the SW., along line 2-3 by Lot 24, Blk.1, both of Psd-042109-064615; on the NW., along line 3-4 by Lot 5612, Imus Estate; and on the NE., along line 4-1 by Lot 25-B, Blk. 11, of the subd. plan x x x containing an area of **FIFTY (50) SQUARE METERS**"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 31, 2018** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **June 11, 2018**.

(Sgd) **ALEX E. MARTINEZ**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

**LEONARDO & JHOAN T. GAMLANGA,**
Lot 25-A, Blk. 1, Meadowville Subd.,
Anabu, Imus, Cavite

154 Laurel St., BP Subd. Woodside 1, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**, (otherwise known as **PAG-IBIG Fund)**
Mortgagee,

-versus-

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C.CASE NO. 16250-18**

**MICHAEL M. MENDOZA married to**
**MARIA LOURDES B. MENDOZA,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **PAG-IBIG FUND or HDMF**, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against, **MICHAEL M. MENDOZA married to MARIA LOURDES B. MENDOZA,** mortgagor with residence and postal address at Lot 30, Blk. 28, Phase 2, Greengate Homes, Malagasang 2A, Imus, Cavite and/or #217 Patinio St., Malibay, Pasay City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 4, 2018 amounts to **FOUR HUNDRED FORTY ONE THOUSAND FOUR HUNDRED FORTY TWO PESOS & 50/100 (Php 441,442.50)**, Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **July 17, 2018** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1328322**

"A parcel of land (Lot 30, Blk. 28, of the cons-subd. plan, Pcs-04-023999, being a portion of Lots 1846-B, Psd-28429; 1848-B-2 (LRC) Psd-358499 & Lots 1847 & 1849 Imus Estate, L.R.C. Rec. No. 8843, situated in Bo. of Malagasang 2, Mun. of Imus,Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on th NW., along line 1-2 by Lot 29, Blk. 28; on the NE., along line 2-3 by Lot 28, Blk. 28; on the SE., along line 3-4 by Rd.Lot 5; and on the SW., along line 4-1 by Lot 32, Blk. 28, of the subd. plan x x x containing an area of **THIRTY SIX (36) SQUARE METERS**"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 24, 2018** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, **June 20, 2018**.

(Sgd) **ALEX E. MARTINEZ**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI & Ex- Oficio Sheriff


**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

**MICHAEL & MARIA LOURDES B. MENDOZA,**
Lot 30, Blk. 28, Phase 2, Greengate Homes,
Malagasang 2A, Imus, Cavite

#217 Patinio St., Malibay, Pasay City, Metro Manila

**Publication: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018

**IRESPETO NATIN...**



*ni Jojo Demetilla*

# BANAT NG PANGULO SA SIMBAHAN?

Halos laman ng lahat na pahayagan at radio balita ang mga nabanggit ng Pangulong Duterte sa simbahan at sa DIOS. Naging viral ba ito sa isipan ng tao o sa lahat kung kayat samot sari ang ating mga narinig sa mga kritiko ng Pangulo Duterte. Stupid ba ang DIOS? Para sa akin honestly wala tayong karapatan bilang nilalang na questionin ang maykapal kung ano sya sa papel ng sanlibutan.

Makasalan tayo parepareho mahirap para sa akin magbigay ng ano mang salita kapag DIOS ang pinagusapan tama lang ang kasabihan na walang perfecto sa sino mang tao kungdi ang DIOS lang ang syang nakakaalam kung saan tayo papunta kapag namatay ang isang nilalang. Iisa lang ang paniniwala ko bilang nilalang that there is life after death.

Nitong huli sa sinabi ng Pangulo na tinitriger nya ang lahat o chinachallenge para lumabas at makikita nya kung sino at hanggang saan ang pagtiwala sa kanya ng mga tao kayat bumuo saya nggrupo para pagusapan ang problema ng taong simbahan sa kanyang pananalita laban sa mga tao o kaparian na kumakalaban sa kanyang panuntunan. May panuntunan tayo na may separation church and the state n asana igagalang natin ito.

Sobrang pakikialam naman yata ng simbahan sa gobyerno minsan na nagpapahayag at nakikialam sa lahat ng nangyayari sa ating lipunan na ultimo sa loob ng simbahan at mass ay nababanggit ng kasiraan ng gobyerno ng administrasyon ng Pangulong duterte. Sana matuldukan na ito ng magkaroon ng katahimikan an gating bansa at hindi magkakagulo dahilan ang taong bayan ang syang matatalo rito.

Sa ating mga tagasubaybay ng dyariong hanep at ng programa natin sa dzrj 810 khz making sa oras ng 6 ng gabi hanggang alas 7 pm lunes hanggang byernes at magparticipate sa isyu na ating tinatalakay. Pls dial 8954460/8978374 o kayay mag send ng inyong mga mensaha sa cp no. 09154796581at akin at aming babasahin sa ere. Or email add. Jojodemetilla @yahoo.com. or watch youtube rj am Makati: fb; dzrj 810 am andsreamline www.ustreamtv/channel/dzrj 810am. Salamat.

# CARNAPPER, TODAS SA CAVITE POLICE

**PATAY ang isang hinhinalang carnapper nang mabaril ng miembro ng Tanza police makaraang nakipagpalitan ng putok matapos na tumakas at tumangay ng isang motorsiklo sa Tanza, Cavite.**

Dead on arrival sa General Emilio Aguinaldo Hospital ang suspek na si Allan Collado, nasa wastong edad ng Brgy., Biga Tanza habang pinaghahanap naman ang nagmaneho ng motorsiklo na kanyang inangkasan papatakas.

Sa report ni PO3 Jemar Oliveros ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-3:30 ng madaling araw ay kasalukuyang nagpapatrulya ang mga miembro ng Mobile Patrol Section ng Tanza MPS nang lapitan sila ng biktimang si Alias Glen ng Starfish, Brgy Amaya 1, Tanza hinggil sa kanyang motorsiklong Rouser 135 (2600 VS) na umano'y puwersahang tinangay ng mga suspek.

Matapos ilarawan ng biktima ang suspek na nakasuot ng camouflage na jacket at armado ng baril na tumakas sa direksiyon ng Brgy., Bagtas sa nasabing bayan ay nagsagawa ng dragnet operation ang Tanza police kung saan namataan ang suspek sa nasabing lugar na nakaangkas sa isang motorsiklo.

Hinabol ng mga pulis ang mga suspek subalit imbes na tumigil ay pinaputukan sila dahilan upang gumanti ang una kung saan tinamaan ang nakaangkas sa motor subalit ang driver nito ay nakatakas.

Dinala sa ospital ang isa sa suspek subalit idineklarang dead on arrival ng doctor.

Nakuha sa crime scene ang motorsiklo ng biktima at kalibre 38 na baril at bala ng 9mm pistol. **GENE ADSUARA**

## VENDOR GINAWANG PUNCHING BAG NG 6 NA KAINUMAN

GINAWANG punching bag ang katawan ng isang 49-anyos na lalaki makaraang pagtulungan pagsusuntukin ng anim nitong kainuman sa Bacoor City, Cavite.

Ginamot sa St. Dominic Medical Center ang biktimang si Marcos Lopez, may-asawa, isang vendor ng Block 6 Lot 22 Green Valley Subd., Brgy., San Nicolas 3 Bacoor City.

Nakakulong naman sa Bacoor City Custodial Center ang mga suspek na sina Mark Mercado, 27, binata, delivery boy ng Brgy. Molino 3; Bryain Diaz, 29, driver ng Alta Homes, Brgy Molino 3 at Lester Torres, 29, may-asawa ng Block 15 Lot 3, Green Valley San Nicolas 3, pawang sa Bacoor City habang pinaghahanap pa ang tatlo nilang kasamahan na tumakas matapos ang insidente.

Ayon kay PO2 Francis Mark Cortez ng Bacoor City Police Station, dakong alas-7:00 ng gabi ay masayang nag-iinuman ang biktima at mga suspek sa Brgy., Molino 3 ng nasabing lungsod ng sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay nagkadiskusyunan na nauwi sa mainitang pagtatalo hanggang sa pagtulungan bugbugin ng 6 nitong kainuman sa katawan at ulo.

Natigil lamang ang kaguluhan matapos na umawat ang kanilang kapitbahay at isinugod sa ospital ang biktima habang tumakas ang mga suspek subalit naaresto ang tatlo habang nakatakas ang iba pa. **GENE ADSUARA**




**UNITED TO STRENGTHEN COMMUNITY HEALTH PROGRAMS**: Another medical and dental mission was conducted in the municipality of Alfonso on June 27, 2018 at Barangay Esperanza covered court, where volunteers unite for the benefit of the community. The collaborative endeavor to deliver basic healthcare services by the Office of the Provincial Governor, the Provincial Health Office and the Office of 7th District Board Member Reinalyne Varias was acknowledged by Barangay Captain Carlos Nuestro and his constituents. Health workers and members of UPUY Organization headed by Mikhail Magsion and Vic Martal, who offered assistance also contributed to the success of the outreach event. Hundreds of people in the barangay were grateful for the access to free medical and dental services, as well as appreciative for the medicines given to them, hoping that such project won't end. **(PICAD)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**UNITED COCONUT PLANTERS BANK,**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-205-18**

-versus-

**SPS. ROBERT ESPAÑOLA MAYOR**
**and MA. NORA HILA MAYOR,**
Mortgagors.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **UNITED COCONUT PLANTERS BANK** with business address at UCPB Executive Bldg., Makati Avenue, Makati City against the Mortgagors, **SPS. ROBERT ESPAÑOLA MAYOR and MA. NORA HILA MAYOR,**

with residence and postal address at Purok 10, Block 4, Lot 49 South Victoria Village, Bagong Tanyag, Taguig City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of May 1, 2018 amounts to **ONE MILLION THREE HUNDRED TEN THOUSAND SIX HUNDRED FORTY SEVEN PESOS and 81/100 (P1,310,647.81),** Philippine Currency, inclusive of interest, penalty as of said date, & attorney's fees but exclusive of other obligation and charges that shall still accrue up to the date of the public auction, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **August 8, 2018** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described properties with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2016023565**

**Lot No. 28** **Block: 1** **Plan No. Psd-04-227720**

**Portion of:** Block 9, Pcs-04-027725, Decreed No. 4270LRC Rec. No. 5964

**Location:** Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon

**Boundaries:**

| Line | Direction | Adjoining Lots |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | Road Lot 10, Psd-04-227720 |
| 2-3 | SE | Lot 29, Block 1, Psd-04-227720 |
| 3-4 | SW | Lot 73, Block 1 , Psd-04-227720 |
| 4-1 | NW | Lot 27, Block 1, Psd-04-227720 |

Area: FIFTY SQUARE METERS (50), more or less

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **August 15, 2018** without further notice.

Trece Martires City, **June 20, 2018**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**LEGAL SERVICES GROUP**
**Counsel for United Coconut Planters Bank**
9th Floor, UCPB Executive Building
Makati Ave., Makati City

**SPS. ROBERT & MA. NORA MAYOR**
Purok 10, Block 4, Lot 49 South Victoria Village,
Bagong Tanyag, Taguig City

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** June 25, July 2 and 9, 2018

# Payo ni Cebuano IM Rico Yap Mascarinas

**Singapore——"Committed to a task or purpose, train hard and you will succeed." Ito ang payo ni Singapore based International Master Rico Yap Mascarinas tubong Tuburan, Cebu.**

"Passion, dedication and consistent training to reach every single one of your goals," paliwanag pa ni Mascarinas, isa sa top chess teacher ng Int Chess Asia na natuto ng larong chess sa edad na anim na taon sa kanyang amang si Ricardo na tubong Tubigon, Bohol.

Ating magugunita na si Mascarinas ay walong beses na naglaro sa Chess Olympiads (1976, 1978, 1980, 1982, 1984, 1988, 1990, 1992). Ang kanyang kagila-gilalas na performance nya na gumawa ng kasaysayan sa Chess Olympiad noong 1982 sa Lucerne Olympiad matapos niyang makuha ang Gold Medal in Board 2 na undefeated sa siyam na laro na may anim na panalo at tatlong tabla tungo sa kabuuang 7.5 points.

Nakapagtala siya ng performance rating 2615 sa nasabing Olympiad.

Walong beses din siya nasilayan sa Asian Team Chess Championships (1974, 1977, 1979, 1981, 1983, 1986, 1991, 1993) na Board 2 noong 1977, 1979, 1983 & 1991, Board 3 noong 1981 & 1986 at Board 4 noong 1993 at 1st Reserve Board noong 1974.

Sa kanyang first appearance noong 1974 edition na ginanap sa Penang, Malaysia, ay nakaipon siya ng 3.5/4 tungo sa Gold Medal sa 1st Reserve Board. Sa 1977 championships played sa Auckland, New Zealand, si Mascariñas ay naglaro sa Board 2 sa kauna-unahang pagkakataon sa kanyang career tungo sa Bronze Medal sa pagtala ng 6 points sa 8 laro. Sa 1979 editn ay napanalo niya ang pitong laro tungo sa Gold Medal sa Board 2. Sa 1986 edition sa Dubai, siya ay undefeated sa anim na laro sa Board 3, na may 5 at isang tabla tungo sa outstanding 5.5/6 para sa Gold Medal.

Sa 1991 sa Penang, Malaysia ay nasungkit niya ang Silver Medal sa Board 2 na may 6 na panalo sa 8 laro. Ang kanyang huling participation sa nasabing torneo noong 1993 sa board 4 sa Kuala Lumpur,Malaysia.**(Marlon Bernardino)**






**PTK EXECUTIVE DIRECTOR** - ANG NTU Tigers na nag kampeon sa Cnychronize Poomsea competition kung saan sila ginawaran ng premyo nila PTK Executive Director Sung Chung Hung at ang dalawang opisyal ng Milo kaugnay ng ginanap na MILO National Taekwando Poomsae Championships sa Rizal Memorial Stadium.**(RGN)**

# Alexandra Sydney Paez nanguna sa PECA Kiddies chess tourney

NAKATUTOK ang lahat kay Philippine chess wizard Alexandra Sydney Paez na isa sa paboritong kalahok sa pagtulak ng Philippine Executive Chess Association (PECA) Kiddies Chess Championship sa gaganapin sa Activity Center, Second Floor, Alphaland Makati Place sa Malugay Street, Makati City.

Ayon kay Philippine Executive Chess Association (PECA) president Atty. Cliburn Anthony Orbe, tatangap ang magkakampeon ng P3,000, nakalaan sa runner-up place ang P2,000 habang may P1,000 naman sa ika-3 puwesto. Tig P7,00 at P500 naman sa ika-4 hanggang ika-5 puwesto.

May matatangap na tig P500 sa mga category winners para sa boys at girls sa top lady, top U-12, top U-10, top U-8 at top U-6.

Sa detalye ay makipag-ugnayan sa mga mobile numbers na 0918-897-4410, 0915-720-9145, 0935-100-4755at 0921-272-8172 para sa karagdagang detalye. Isasagawa din ngayun Sabado ang 6th leg ng Alphaland National Executive Chess Championship habang ngayun Linggo naman ang Alphaland Open Chess Championship sa nasabing lugar.

Si Alexandra Sydney, ang Cabuyao at Calamba Junior Girl Champion na top player ni Mayor Atty. Rommel "Mel" A. Gecolea, ang two-time Champion sa pamosong Golden Mind Under 14 Kiddie Chess Tournament sa Lipa City, Batangas, Gold Medalist din sa high school girls division ng NCAA South at nag second over-all sa 2018 National Age-Group Chess Championships (Visayas Leg) na ginanap sa City Mall, Kalibo, Aklan nitong Enero 27-28, 2018.

Ang 13-anyos na si Alexandra Sydney, anak ni Philippine Executive Chess Association (PECA) Public Relation Officer (PRO) Dr. Alfred Paez na incoming Grade 9 student ng Colegio de San Juan de Letran-Calamba ay nakatakda ring lumahok sa World Youth Chess Championships 2018 na gaganapin sa Porto Carras, Halkidiki, Greece sa Northern coast ng Aegean Sea mula Oktubre 19 hanggang 31, 2018. **(Marlon Bernardino)**



**ROS VS MERALCO -**TIKAS !!! na di nagpatinag si Rain or Shine point guard John Karlo Casino sa pagsindak na depensa ni Baser Amer ng Meralco sa kasagsagan ng kanilang mahigpit na tagisan sa 2018 PBA Commissioners Cup sa Smart Araneta Coliseum. **(RGN)**



PORMAL na pinarangalan sila Mansueto Onyok Velasco ang 1996 Atlanta Summer Olympics Silver Medalist at Hidilyn Diaz na siyang pilipinang nag kamit ng Weightlifting 2016 Rio De Janeiro Summer Olympics Silver Medalist ng Tropeo ni POC Chairman, Tagaytay Cong. Bambol Tolentino kaugnay ng pagtanghal sa dalawang atleta bilang Sports Idol sa ginanap na 1st SIKLAB Sports Youth Awards na ginanap sa Century Park Hotel. **(RGN)**



Philippine Media Group (Dr. Lily Lim of Peoples Monitor, Shi Jia Wen-Associated Pacific Chinese Media, Inc. Candy Sarcol of Manila Times, Wesley Chua -Chinese Commercial News, PAPI Pres. Nelson Santos-Finders Ads together with Hon. Feng Shouquan-Minister of Public Information and Sec. of Education and Science Committee and Mr. Shi Jun Feng-China News Agency Bureau Chief(Jilin) and Overseas Media Exchange Association President. This picture was taken after the Musical Opera Show @ Shenyang Grand Theater.

# ISLAND COVE TO SHUT DOWN OPERATIONS BY JULY

**KAWIT, Cavite – The management of the 36-hectare Mediterranean-inspired Island Cove Hotel and Leisure Park (ICHLP) at the coastal outskirt of this town's Binakayan village formally announced Monday that it will cease all business operations on July 28.**

The management's decision to close the establishment is in line with the purchase conditions agreed upon with the still unnamed new business owners.

In a statement from ICHLP's management team on Monday, Island Cove Corp., with Gilbert C. Remulla as Managing Director, formally announced that after 20 years of providing world-class leisure, recreation, and celebrations, ICHLP will close its doors and cease operations on July 28, 2018.

"It has been a pleasure serving our guests and clients as well as working with our partners over the past 2 decades," the statement reads.

Speculations have been spreading around for months now about the property owners' — the Remulla clan — intent to sell the resort and leisure park as the members are said to be more focused on politics and public service than managing their family business.

The management has already informed their employees, contractors and suppliers, and this time around, expresses deep gratitude for the support of the public and loyal customers.***(Gladys Pino-PNA)***

HELMET

NI FREDDIE M. MANALAC



# RUBEN TUPAS SIKAT NA HORSE TRAINER

BATA PA SI RUBEN TUPAS pangarap na niyang maging isang professional jockey horse, pero nauwi nga siya sa pagiging trainer ng mga kabayong pangarera.

Sa edad na sampung taon, tinuruaan siya ng kanyang ama kung paano mag-akay ng kabayo sa loob ng isang kuwadra.

Pinasok siya ng kanyang ama na si Jockey Verano Tupas sa kuwadra ni Robert Lopez, at dito niya nalaman lahat kung paano tratuhin ang isang kabayo.

Taong 1979 nang magkaroon siya ng lisensiya para sa isang professional horse trainer.

Sa kuwadra na rin ni Mr. Lopez siya pumasok kung saan siya ang nagbabantay sa mga iniensayong kabayo ng iba-iba't hinete.

Madaling araw pa lang, pumupunta na si Tupas sa kuwadra upang malaman ang mga kondisyon ng mga kabayong eensayuhin. Binibigyan niya ito ng mga tamang gamot at saka ipaeensayo sa isang hinete.

Sa oras ng ensayo ng mga kabayo, kailangan umanong matalas ang mga mata para makuha ang tamang tiyempo nito. Si SUNDRUST ang unang kabayo na nanalo sa kanyang pangangalaga. Nanalo ito ng dahado sa larangan ng Daily Double event.

Nang malaos ang kabayong Sundurst sa karerahan, binili ito ng action star na si Lito Lapid upang gamitin sa mga action films na ginagawa nito.

Sa kasalukuyang, isa na rin si Ruben Tupas sa mga kinikilalang beteranong horse trainer sa Horse Racing Industry dito sa ating bansa.

Maraming malalaking horse owner ang nagtiwala kay Tupas tulad nina Mandaluyong Mayor Benhur Abalos jr.,Atty Ciso Morales, Mr. Tony De Ubago, Mr. Tony Tan, Mr. Wilbert Tan, Mr. Fernan B. Reyes at marami pang iba.

Noong taong nagsimula si Tupas ay hindi na mabilang sa daliri niya ang mga kabayong nanalo sa kanyang pangangalaga.

Maraming beses na rin natamo ni Tupas ang pagiging Horse Trainer of the Year ng Philippine Sports Association (PSA).

"Kailangan ng disiplina sa katawan para tumagal ka sa iyong propesyon at maging parehas ka sa mga kasama sa hanapbuhay." Payo ni Tupas sa mga kapwa niya horse trainer.

ooo

Binabati natin ng Happy Racing ang grupong Senate Press Photographer at si Dr. Christian E. Cangco, MD, Medical Director/Owner ng Christian E. Cangco Medical Clinic & Laboratory na makikita sa 1195 Don Chino Roces Ave.,corner Yakal st., San Antonio Village, Makati City.

USAP LANG

JUNE BILLONES

0929-8127638

# Karapatan, dapat iayon sa wasto

SARIWA pa rin sa isipan ko at talagang hindi pa natatanggal sa aking utak ang tungkol sa binitiwang pahayag ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Walang habas o takot na binigkas ni Digong na istupido ang ating Panginoong Diyos.

Hindi na tinayuan ng mga balahibo o kinilabutan ang pangulo natin sa kanyang tinuran.

Sa pangyayari ay talagang hindi maiiwasan na mag-alburuto sa galit ang mga kristiyano o katoliko lalo na ang pamunuan ng simbahan.

Alam naman natin na higit na mataas ang bilang ng mga katoliko sa bansa natin.

Parang kinalaban na rin ni Duterte ang napakaraming Pinoy sa kanyang sinabi.

May paliwanag ang Malacañang hinggil dito hindi po ba, natural na ipagtatanggol nito ang presidente.

Ang sabi ni Secretary Harry Roque ay personal na paninindigan iyon ni Duterte.

Isa pa ay bahagi raw iyon ng karapatan sa pananampalataya ni Digong.

Ang sabi pa ng kalihim ay may sariling spirituwalidad ang ating pangulo na hindi na raw kinakailangang bigyan ng interprestasyon.

Tama na personal na paninindigan iyon ni Duterte at karapatan niya kung ano ang kanyang nais sabihin o gawin.

Pero hindi ba naisip ni Digong na siya ay ama o pangulo ng bansa na dapat ay nagiging magandang ehemplo sa mga tao.

Kapwa nga natin tao kapag sinabihan mo ng hindi maganda ay puwedeng sabihin kasalanan na o hindi magandang gawain.

Sige nga na kapwa mo tao ay sabihan mo na istupido, tama ba o maganda ba?

Pagkatapos Diyos na lumikha sa atin ay walang kagatul-gatol na sasabihan ng istupido, anong klaseng tao ka niyan?

Ulitin natin, tama na bawat isa sa atin ay may karapatan sa kung anong nais nating gawin o sabihin.

Pero sana naman ang karapatan na ito ay iniaayon sa wasto at hindi sa mali.

Kayo po ang aking tatanungin, wasto o mali ba ang ginawa ng ating pangulo?

BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS

0999-7060160


email: champ22mb@gmail.com



# MID SUMMER NIGHT, GOLDBAR, NAGWAGI

Sa pambungad na karerang naganap nung nakaraan sa pista ng Metro Turf ay hindi binigo ng koneksiyon ni Mid Summer Night na talagang lamang sila sa tiyempong naitala at mas batak sa aktuwal na takbuhan kumpara sa kanilang mga nakalaban. Sumegunda sa kanila ang sinalikwat na grupong binabaan na si Tipping Point na ang tanging dahilan na lamang ng kanilang pagkabitin ay hindi sila batak dahil sa pagpapababa ng grupo.Tumersera sa laban ang dehadong si Ultimate Paris na napansin ng karamihan na karerista na nakiputan lang sa huling diretsahan habang nagpapalakas pa lang ang hinete niyang si Onat Torres. Sa karerang iyan ay medyo mestizo o hilaw ang nagawang pagpapatakbo kay Tubig At Langis, habang ang kabayong si Savannah Bull ay kapansin pansin na tuyuan ang katawan at walang kintab kaya isang senyales na wala pa ang nasabing kabayo sa tamang kundisyon. Samantala hugandong nagwagi ang outstanding favorite na kabayong si Goldbar sa kamay muli ni Ryan "Onyok" Garcia. Nabigyan ng batak sa laban sina Mamang Sorbetero at Luyang Cave. Sa huling takbuhan naman ay naging malikot ang bentahan dahil lahat ng pitong numero ay humakot ng benta, pero pagdating sa laban pagbukas ng aparato ay hindi na pinaporma pa ni Unoh Hernandez na unahan ang kanilang mga nakalaban upang isapormulang maaaring ipagwagi ng kabayong si Ingrid's Joy. Pagdating sa rektahan ay nagkaroon pa sila ng banta sa liyamadong si Princess Ella ni Louie Lunar na nakaungos sa kanila sa huling 100 metro, subalit naging mas malakas pa ang dala ni Unoh kung kaya't nakabalik si Ingrid's Joy pagtapat sa meta.

Happy birthday **Michael Bagus**!
July 1
Greetings from your family & friends



HANEP SHOWBIZ

# VALEEN MONTENEGRO, SADYANG PALAKAIBIGAN

MARAMI ang nakakapansin sa magandang hubog ng attitude ni Valeen Montenegro.

When it comes sa pakikisalamuha at pakikisama ng aktres sa kanyang mga kasamahan sa industriya lalo na mga katrabaho nito.

Like now na si Valeen ay napapalapit kay Pambansang Bae Alden Richards.

Because ang dalawa ay magkasama sa 'Sunday Pinasaya' at doon nabuo ang kanilang friendship.

May dapat bang ipagtaas ng kilay ang nangyayaring pagkakaibigan ng dalawa?

Nakupo marami ang umismid hindi po ba partikular na ang mga sumusubaybay at tagahanga ng tambalang Alden at Maine Mendoza.

Sa kabila naman na alam na ng mga naturang fans na lusaw na ang Alden-Maine tandem ay tutol sila para kay Valeen.

Knowing na magkaibigan lang naman ang dalawa pero sige ang mga naturang fans sa pagbash kay Valeen.

Gayunman ay hindi naman umubra ang pambabash sa halip ay tuloy lang ang pakikipagkaibigan ni Valeen kay Alden.

Kasi nga ay nasa katauhan na ni Valeen ang makipagkaibigan kaya sorry na lang ang mga fans ng Alden-Maine.

Paano na kung lumagpas pa sa friendship ang pagtitinginan nina Valeen at Alden, tiyak na lalo silang maghihinagpis.

Ask lang naman, mula nang manamlay ang tambalang Alden at Maine ay may napuna ba kayo?

Sinasabi ng majority na tila umalagwa lalo ang buwenas para kay Pambansang Bae.

Hindi ba at paparating na si 'Victor Magtanggol' sa katauhan ni Alden.

Ang teleseryeng ito na malapit ng pumalaot sa GMA 7 na isang pantasiya, drama at puno ng aksiyon.

Si Alden bilang si Victor ay isang superhero, bagay na napakatagal ng pangarap ng aktor ang ganitong role.

Kaya naman labis ang kasiyahan ni Pambansang Bae para gampanan si Victor Magtanggol.

Pagpapatunay lamang na blessings ito para kay Alden, grasya pa more.

Eh paano pa kaya kung magkakaroon ng katapuran ang bulung-bulungan.

May plano kasi si Vice Ganda at ang Star Cinema na kunin si Alden.

Para ito sa pelikulang isa sa ilalahok sa taunang Metro Manila Film Festival this year.

How about naman itong si Kris Aquino na napapabalita rin na target si Alden.

Nais ng dating presidential sister na makasama si Alden sa pelikulang 'I Love You Haters.'

Kung matutuloy, ano kaya ang magiging resulta ng kanilang love affair sa pelikula?

Kuwela o kilig ba or both, hahaha.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 71 labas)**

KUNG bibiruin nga naman ng tadhana ay problema kay Kardo ang pagkikita at pagsasama nila ni Lyka.

"Tapos na ang botohan at maya-maya lang ay magsisimula na ang bilangan 'kap."

Kaya naman nang dumating ang mismong araw ng eleksiyon ay hindi mapakali si Kardo.

Lalo na nang sumapit o matapos na ang oras para sa pagboboto ay mas kumakabog ang dibdib niya.

Magsisimula na kasi ang bilangan at ilang oras lang ay magkakaalaman na.

Halimbawang matatalo si Kardo bilang kapitan ng barangay ay mawawalan na siya ng pagkakataon para kay Lyka.

Ang mangyayari kasi ay siya na ang patututukin ni Inday para magasikaso at magbantay ng kanilang grocery.

"Oo 'kap, malayung malayo na ang agwat mo sa kalaban kaya tiyak na tiyak ka na."

May mga ilang supporter ni Kardo ang nagbabalik-balik sa mga polling precint at tinitingnan ang lagay ng bilangan.

Kahit maganda ang feedback at ang ibinabalita ng kanyang mga supporter ay hindi muna nagpapakasiguro si Kardo.

Kahit sinasabi na sa kanya na nasa lagpas kalahati na ang nilalamang niya sa kalaban ay talagang hindi siya agad nagpapakampante.

"Congrats 'kap, sabi sa inyo eh sure winner ka na. Ikalawang termino mo na."

Natapos din ang bilangan at doon lamang nakahinga ng maluwag si Kardo.

Tuloy ang kanyang maayos at magandang panunungkulan sa kanilang barangay.

At higit sa lahat ay tuloy ang ligaya ni Kardo sa pagpapahiram ng kanyang oras kay Lyka.

"Ang galing-galing naman talaga ng asawa ko, patunay lamang 'yan na mahal at naniniwala pa rin sa 'yo ang mga tao rito."

Yakap na mahigpit at masarap na halik ang isinalubong kay Kardo ng kanyang misis.

Tuwang-tuwa si Inday sa muling pagkakapanalo sa barangay ng kanyang mister.

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-70 labas)**

KITANG-kita ni Dagul na ganado at talagang sarap na sarap ang kanyang dating propesor sa pagkain.

Hindi rin naman nakasanayan ni Dagul na habang kumakain ay nagsasalita o nakikipagusap sa kaharap o mga kaharap.

Ganoon silang magkakapatid, kailangang tahimik habang nasa hapag-kainan.

Siyempre ay hindi agad o basta kakain habang hindi pa muna nagdarasal.

Ginawa naman iyon ni Dagul at napangiti lamang sa kanya ang dating propesor subalit nakidasal din muna bago kumain.

"Nabusog ako panyero, grabe ang sarap ng pagkain. Maraming salamat panyero."

Pagkatapos makakain ay ang dating propesor niya ang unang nagsalita.

Siyempre ay pasakalye muna na kunwari ay ang tungkol sa kinain nila ang unang mga sinasabi.

Alam naman ni Dagul na ang isusunod ng sasabihin sa kanya ay ang tungkol sa kaso.

"Nakakalungkot isipin panyero na magkakaharap tayo bilang magkalaban sa kaso."

"Pero ganyan talaga ang buhay ng isang abogado, ito ay trabaho lamang."

"Walang personalan at hindi dapat pinepersonal, obligasyon ng bawat isa na ipagtanggol ang kanyang kliyente."

"Kagaya ko, bilang abogado nila ay tungkulin ko na dipensahan ang kliyente o mga kliyente ko."

"Katulad mo rin, trabaho mon a ipagtanggol ang iyong kliyente sa kasong ito."

"Pero wala na nga pala ang kliyente mo, nakikiramay at nakikidalamhati ako sa iyo kahit matagal na panahon na ang nakakalipas."

Batid ni Dagul na mayroong laman o ibig sabihin ang kanyang dating propesor sa pagsasabing wala na ang kanyang kliyente.

Tatay nga kasi niya ang kanyang kliyente na ang mga pumatay ay ang mga kliyente naman ng dating propesor niya.

Napakahalaga para kay Dagul na kahit matagal ng panahon ang nakakalipas ay maipagkaloob ang hustisya para sa ama.

"Salamat panyero, salamat sa iyo."

(Sundan)

# SAP BONG GO, MALUGOD NA TINANGGAP SA DASMARIÑAS

(Istorya at mga larawan ni Romy Santos)




**MALUGOD na tinanggap ng mamamayan ng Dasmariñas City, Cavite si Special Assistant to the President (SAP) Secretary Bong Go.**

Ito ay matapos magsilbing guest of honor ang kalihim sa ginawang panunumpa sa tungkulin ng mga bagong halal na opisyal ng mga barangay ng lungsod.

Ginanap ang oath-taking nitong Hunyo 23 sa Church of God, Marilag Subdivision, Barangay Zone 4.

Si Congresswoman Jenny Barzaga ang personal na nagpakilala kay Secretary Go kasabay ng labis na pasasalamat nito sa pagpapaunlak ng kalihim sa naturang event.

Naging makabuluhan ang talumpati ng kalihim partikular ang pagkakabanggit nito sa mga programa ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Pinaalala ni Secretary Go ang importansiya at responsibilidad ng mga elected barangay officials.

Nagalak naman ang mga bisita at hindi naiwasan ang pagtawa at pagpalakpak dahil sa minsang pagbibiro ni Secretary Go habang nagsasalita subalit nakitaan naman ito ng sense of humor.

Hindi halos makapaniwala ang mga audience na 'joker' o palabiro pala ang kalihim.

Maging ang hepe ng pulisya ng lungsod na hiniling ng kalihim na umakyat sa entablado ay hindi nakaligtas sa pagbibiro nito.

Isa sa binanggit at ipinakilala ng kalihim ang kaibigan nitong veteran actor na si Philip 'Ipe' Salvador na nagdulot ng palakpakan at paghihiyawan nang kumaway sa kanila ang aktor.

Pinangunahan naman ni Dasmariñas City Mayor Pidi Barzaga ang pagkakaloob ng plake ng pagkilala kay Secretary Go.

Sinaksihan din Cavite Governor Boying Remulla ang nasabing pagtitipon.

Kabilang sa mahabang pagsasalita ng kalihim, na kinagiliwan naman ng mga bisita, ay ang pagtiyak nito ng tulong at suporta mula sa kanilang tanggapan para sa mamamayan ng lungsod.

Dumalo rin sa okasyon ang mga opisyal at kasapi ng Cavite Province Publishers League Inc. (CPPLI)-Publishers Association of the Philippines Inc. (PAPI)-Cavite Chapter.











CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
Advertising Manager
0929-2415793

Upholstery
0947-3254064
Look for Rommel

B3W Motor Shop
(Maayos na serbisyo
sa mababang presyo)
Ligtong 3, Rosario, Cavite

Tata Ver's Family KTV(TVFK)
Home of exotic pulutan
Located at 1337 Juan Luna St.
corner Perla st.,Tondo Manila

MANS ALTERATION-TAILORING
Located at Town Plaza
Noveleta,Cavite

SOUTH STAR PRINT CENTER
Alima, City of Bacoor, Cavite
Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.
We also buy and sell all kinds of printing machineries
Contact: (046) 434-6167
Cell: 0916-5397268/
0918-6174067

# KATOL AT IBA PANG DI-REHISTRADONG MOSQUITO REPELLENT KINUMPISKA NG FDA

**SINALAKAY ng mga tauhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang 15 malalaking tindahan na nagbebenta ng mga di-rehistradong katol at iba pang mosquito repellent sa Mega Market sa Pasig City.**

Ikinasa ang pagasalakay ng FDA Regulations Enforcement Unit (REU) sa pamumuno ni General Allen Bantolo kasama ang kanyang mga enforcement special agents at mga tauhan ng NCRPO-RFMB SWAT dakong 11:00 am kung saan ininspeksiyon ang 15 wholesale grocery store sa loob ng nasabing pamilihan.

Nauna rito, nagsagawa ng test buy ang awtoridad sa bawat tindahan na sinasabing nagtitinda ng mga ipinagbabawal na mosquito repellent kung saan positibong nabilhan ang 15 tindahan sa naturang lugar.

Ayon sa ulat ni FDA REU chief Gen. Bantolo, nakumpiskahan din ng mga di-rehistradong katol ang NOVO Pasig City.

Nagpositibo naman sa pagbebenta ng WAWANG KATOL ang XI Enterprise na nasa paligid lamang ng mega market kung saan kahun-kahon ang nakumpiska ng awtoridad.

Base sa datos, umabot sa 110 boxes ng BAOMA katol, 590 ng WAWANG katol at 281 ng tinatayang GOLD DEER MOSQUITO COIL na nagkakahalaga ng P55K ang nakumpiska sa nasabing operation.




Agad namang nagtungo si NCRPO RD Gen. Guillermo Eleazar sa nasabing lugar upang inspeksyunin ang mga nakumpiskang produkto na anila'y mapaminsala sa kalusugan ng tao.

Pahayag ni Bantolo, ang mga nabanggit na produkto ay di-rehistrado at hindi pa dumaan sa anumang pagsusuri kaya malaki ang posibilidad na ito ay mayroong masamang epekto sa kalusugan ng tao.

Hindi man mabilis na mararamdaman ng tao na gumagamit nito subalit magdudulot ng sakit sa katagalan.

Panawagan ng FDA sa mga tindahan na siguruhin na alam nila kung ano ang kanilang itinitinda at kung ito ba ay aprubado ng ahensya upang masiguro ang kapakanan ng mga mamimili.

Idinagdag pa ng opisyal na maaring makita sa FDA website ang advisory o talaan ng mga di-rehistradong produkto na mahigpit na ipinagbabawal na ibenta sa merkado upang maiwasan na mahulihan pa ng kanilang ahensya.

Hindi titigil ang ahensiya sa pagpapatulad ng regulasyon na naayon sa batas upang masiguro ang kapakanan at kalusugan ng publiko base sa kautusan ni FDA Director Puno. **(BRIAN GEM BILASANO)**




Mahigit 300 police riders at civilian ang sumabay sa pag- arangkada ng motor ni P.N.P Chief Oscar Albayalde na nakalikom ng P1.3-M para sa mga batang caner patient ng Philippine General Hospital. Pagkatapos nito ay isang boodle fight ang pinamunuan ni Manila Police District director General Rolando Anduyan kasama si NCRPO Chief Guillermo Eleazar , at mga district directors ng buong Metro Manila. **(Christian Heramis)**




Sa kalsada ng Pedro Gil naglalakad ang mga tao dahil inakupahan ng mga ILLEGAL VENDORS ang sidewalk at dito itinayo ang kanilang mga stalls. MATAGAL ng nakatayo ang mga illegal stalls ngunit hindi kumikilos ang mga tauhan ng Manila City Hall. Bakit ayaw idomilish ang mga ito? Naghihintay pa ba may meron maaksidente dito bago kumilos ang kinauukulan? **(FREDDIE M. MANALAC)**

# BI NAGBABABALA SA HUMAN TRAFFICKING SA BANSA

NAGBABALA ang Bureau of Immigration (BI) sa publiko na mag-ingat kaugnay sa bagong modus operandi ng human trafficking sa bansa.

Ayon kay BI Commissioner Jaime Morente, ang nasabing modus ay ang pagpapadala ng menor de edad na babae sa ibang bansa kung saan palalabasing mga adult.

Ginawa ni Morente ang babala makaraang maharang sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) noong June 13 at June 15 ang ilang menor de edad.

Nakatanggap umano si Morente ng report mula kay BI OIC Deputy Commissioner and Port Operations Division (POD) Chief Marc Red Mariñas na may mga kabataang naharang sa tatlong magkahiwalay na pagkakataon ng mga ahente ng BI sa NAIA 1 at Terminal 2 habang sila ay papasakay na patungong Middle East.

Tatlo rito ang menor de edad na naharang sa NAIA 3 patungong Jeddah na magtratrabaho bilang kasambahay.

Habang 10 iba pa ay naharang naman sa NAIA 2 na patungo naman ng Saudi Arabia.

Napag-alaman na dalawang araw bago maharang ang nasabing mga kabataang babae ay may dalawa na ring naunang naharang sa NAIA 3 bago makasakay ng eroplano patungong Dubai.

Hindi muna ibinunyag ang kanilang pangalan alinsunod sa anti-trafficking laws.

Bagamat kumpleto umano ng dokumento gaya ng valid overseas employment certificates (OECs), working visas, at employment contracts ang mga biktima ay hindi naman umano masagot ng direkta ang ilang mga katanungan tulad ng kanilang edad, birthday, edad ng magulang at mga kapatid.

"The birthdates in their passports show that they are already in their mid-20s, but their physical appearances suggest otherwise," he said.

"When asked, they could not recount how they obtained their passports and other documents which, they said, were merely given to them by their recruiters," ani Morente.

Dahil dito, naalarma ang BI sa pagpapadala ng mga batang manggagawa sa ibang bansa kaya naman inatasan nito ang immigration personnel na alamin ang nasa likod ng nasabing sindikato upang mapigil ang ganitong modus.

Itinurn-over na sa Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) ang mga biktina para sa imbestigasyon. **GENE ADSUARA**



MATAPOS balaan at kausapin ng Punong-Barangay at kapulisan ng MPD Station 4, Balik-Balik, Samp., Maynila na pinangunahan ni P/Sr.Insp. Philipp Ines ang ilang drug dependent na nasa wachtlist ng Bgy.533 Zone 53, Sampaloc ay lumutang ang mga asawang ito at nakipag-usap kasabay ng pangakong magbabago. **BOY NAMORA**




Huli sa isinagawang buy bust operation ng MPD Station 6 ang anim na kalalakihan na isinagawa sa magkakahiwalay na lugar sa Pasig Line at M.Roxas Sts., Sta Ana, Manila. Nakuha sa mga suspect ang 10 pirasong sachet ng dahon ng marijuana ng mga operatiba ni P/ Supt. Dave Mejia hepe ng Stn.6. **BOY NAMORA**



Kasabay ng pagdiriwang ng 447 Araw ng Maynila kamakailan ay nagpakain sa mga kapatid nating Muslim at Kristiyano si Mr. Mark Ignacio, businessman/broadcaster. Ito ang paraaan ng pagdiriwang ng kanyang kaarawan at namigay din siya ng plastic bags ng grocery items. **(Christian Heramis)**



Nang pumanaw ang asawa ko
₱40,000.00*
ang Funeral Benefit,
₱6,400.00*
buwanang pensyon ko.
*Ang mga nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM